# PAG-ASA: PAGBASA

*by:*
**Hyacinth Shane V. Samaniego**
*Teacher III, Mandama Elementary School*

Mula sa unang yapak ng mga bata sa loob ng silid-aralan, nabuo ang isang hiwaga na habang buhay ng mailalapat sa puso at isipan ng mga mag-aaral, ang hiwaga ng proseso ng kaalaman sa iba't ibang asignatura mula sa pagbasa.

Hanggang saan ang mararating ng bata sa tulong ng pagbabasa? Mayroon bang pag-asa mula sa pagbasa?

Ang ating mga mag-aaral ay katulad ng "tabula rasa" ni John Locke na maihahalintulad sa "blank slate." Ito ay tumutukoy sa alinman sa ideya na tayo ay produkto lamang ng ating pagpapalaki at mga karanasan, o, ito ay tumutukoy sa pamamaraan na ginagamit ng mga therapist kapag sila mismo ay naging "blangko," at pinapayagan ang tatanggap na ipakita ang kanilang sariling mga pangangailangan, mga hangarin, at mga paniniwala sa kanila. Nagsisimula ang ating mga mag-aaral sa isang "blank slate" at tayo bilang isang guro ay isa sa nagbibigay ng karanasan na natutunan ng mga bata, mula dito unti-unting nadaragdagan ang kaalaman ng mga bata.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Maging sa iba't ibang pananaliksik ay nagsiwalat na "ang pag-aaral na bumasa ay itinuturing na isa sa mga pinakamahalagang kasanayan sa mga bata dahil ito ay nagbibigay-daan sa kanila na makamit ang kanilang mga layunin, mapaunlad ang kanilang kaalaman, at maabot ang kanilang potensyal upang makuha ang kanilang nararapat na lugar sa Lipunan" (Statistique Canada, 2010). Mula dito, ito ay nagsisilbing inspirasyon upang pahalagahan ang pag-aaral na bumasa. At kung nababasa ang isang teksto, ito ay may katiyakan na may positibong resulta sa pag-aaral ng mga bata.

Mula sa unang araw na pumasok ang mga bata sa silid-aralan, natutong bumasa, making, magsulat, at mangarap. Ngunit sa pamamagitan ng pagbabasa nagkaroon ng pag-asa na magkaroon ng magandang kinabukasan ang mga batang munti.

Sa bawat tunog ng letra na unti-unting nabibigkas ng mga bata, naging pantig, mga salita, at pangungusap. Natutong makabasa, sa tulong ng imahinasyon at pang-unawa; narating ng mga bata ang iba't ibang lugar at narasan ang iba't ibang emosyon sa pamamagitan ng pagsisiyasat at pagbabasa. Ang mag-aaral ay hindi na muli malilinlang ng magulong mundo, pagka't nababasa na niya at naiintidihan ang mga tekstong nakapaskil sa bawat lugar.

"Nasa pagbabasa ang pag-asa, mula dito nagsisimula na mangarap ng malaki ang mga batang munti ."

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://philosophybreak.com/articles/john-lockes-empiricism-why-we-are-all-tabula-rasas-blank- slates/

Bouchamma, Yamina, et al. "Impact of students' reading preferences on reading achievement." Creative Education 4.08 (2013): 484.